


Muling babaha

DALAS NG PAGBAHA SA HAWKESBURY-NEPEAN

Ang Hawkesbury-Nepean Valley ay may mahabang kasaysayan ng mapanganib at nakapipinsalang mga pagbaha. Mula nang magsimula ang pagtatala noong dekada 1790, mayroong 130 na katamtamang pagbaha hanggang malakihang mga pagbaha sa lambak (valley), kabilang ang limang malakihan at 20 iba pang malulubhang pagbaha makaraang maitayo ang Warragamba Dam noong 1960.



1961 na pagbaha: Pananaw mula sa himpapawid sa buong McGraths Hill, nakatanaw sa Blue Mountains (Pinagmulan: Vic Gillespie Collection)

Ang pinakamalaking pagbaha na buhay pa sa alaala ay nangyari noong Nobyembre 1961, nang ang tubig ay umabot sa 14.5 metro na mas mataas sa normal na taas ng ilog sa Windsor. Sa pagbahang ito, ang Nepean Rowing at Powerboat Club ay nawasak, ang Yarramundi Bridge ay bumigay at laganap ang nangyaring pinsala sa buong Hawkesbury-Nepean Valley.

Ang pinakamalaking pagbaha na naitala ay noong 1867 nang ang tubig-baha ay umabot sa **19 metro** na mas mataas sa normal na taas ng ilog sa Windsor.

Ang malalaking pagbaha ay hindi madalas mangyari, ngunit kapag nangyari, may napakalaking mga epekto ito sa komunidad.



Tanawin ng Penrith mula sa Great Western Road sa pagbaha noong 1867 (Pinagmulan: *Illustrated Times* (London), 7 Setyembre 1867 p 145; State Library ng NSW)

Pinakamalaking pagbaha sa talaan

May **15%** tsansa ng pagbaha

na sinlaki noong 1867 na mangyayari sa 80-taon na buhay.

Inilarawan ng mga tagamasid noong panahong iyon ang malaking dagat na napapalibutan ng lupa (inland sea) na umabot mula sa Pitt Town hanggang sa Kurrajong at mula sa Riverstone hanggang sa Blue Mountains. Ang Windsor, Richmond at Pitt Town ay naging maliliit na isla ng baha. Sa Penrith, ang tubig-baha ay halos umabot sa sulok ng High at Woodruff Streets at karamihan ng Emu Plains ay nasa ilalim ng tubig.

KUNG ANG PAGBAHA NA KATULAD NITONG NAITALANG PAGBAHA AY MANGYAYARI SA VALLEY NGAYON,

MAHIGIT SA **90,000** KATAO

ANG KAILANGANG LUMIKAS MULA SA BAHANG-KAPATAGAN (FLOODPLAIN) AT

MAHIGIT SA **12,000** TAHANAN

ANG MAAAPEKTUHAN NG TUBIG-BAHA.

Kailan ang susunod na malaking pagbaha?

Wala pang naging malaking pagbaha mula 1990. 28 taon na ang nakalipas, at ito ay hindi kakaiba sa siklo (cycle) ng mga tagtuyot at mga pagbaha sa lambak.

Ipinapakita ng pananaliksik sa pag-aaral ng tubig na ang rehiyon ay binibigyang-katangian ng mga siklo na palagiang tagtuyot at palagiang pagbaha na maaaring tumagal ng mga dekada (tingnan ang dayagram sa ibaba). Sa katunayan, mas malamang na ang tagtuyot ay puputulin ng pagbaha, at mas maraming mga pagbaha pa ang susunod.

Sa kasalukuyan, tayo ay nasa siklo ng palagiang tagtuyot at makikita sa mga talaan na ito ay malamang na susundan ng pamamayagpag ng palagiang pagbaha.

Bukod pa sa mga napapailalim na pattern na ito, may malalaking taunang pagkakaiba-iba sa pag-ulan at pagtagas (runoff). Sa bandang huli, ang mga pagbaha ay likas na mga pangyayari. Muling babaha sa Hawkesbury-Nepean Valley, hindi lang natin mahulaan kung kailan.

Ano ang magagawa mo para makapaghanda?

Siguraduhin na makipag-usap sa iyong pamilya at mga kaibigan kung ano ang iyong gagawin kung bumaha upang malaman ng lahat kung ano ang gagawin at kung ano ang aasahan. Maghanda **NGAYON** na at sundin ang anim na hakbang na ito upang magligtas ng mga buhay.

- 1. Alamin ang iyong panganib**
Bisitahin ang www.ses.nsw.gov.au/hawkesbury-nepean-floods at ingnan ang mga mapa ng baha. Kontakin ang inyong lokal na konseho para sa impormasyon sa antas ng propyedad.
- 2. Unawain kung saan pupunta**
Alamin ang tungkol sa mga ruta ng paglikas sa baha sa website ng baha. Makipag-alam sa mga kaibigan at kamag-anak na nasa labas ng bahang-kapatagang (floodplain) lugar upang ayusin ang lugar na pupuntahan.
- 3. Alamin kung sino ang tatawagan**
Magtabi ng lokal na mga numero ng emerhensiya sa iyong mobile o sa iyong fridge. Para sa tulong na pang-emerhensiya sa mga pagbaha at pagbagyo, tawagan ang NSW SES sa 132 500. Sa isang emerhensiya na nagbabanta sa buhay, tumawag sa 000 (triple zero).
- 4. Maghanda ng isang kit na Pang-emerhensiya sa Tahanan (Home Emergency kit)**
Bisitahin ang www.ses.nsw.gov.au/hawkesbury-nepean-floods upang makita kung ano ang ilalagay.
- 5. Suriin ang iyong seguro (insurance)**
Siguraduhin na ang iyong seguro ay angkop sa iyong sitwasyon at panganib, at ito ay pangkasalukuyan.
- 6. Alamin kung kailan kikilos sa isang emerhensiya sa baha**
Tingnan ang impormasyon sa mga palatandaan ng babala sa baha sa www.ses.nsw.gov.au/hawkesbury-nepean-floods. Makinig sa mga radyong lokal at ABC para sa mga update at i-follow ang NSW SES Facebook o NSW Police Facebook o Twitter.

Pattern ng mga pagbaha sa Hawkesbury-Nepean Valley

